

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0013
	Title	Provisional Accreditation of Health Care Providers

Tanong	Sagot
Kailan mabibigyan ng Provisional Accreditation (PA) ang isang Health Care Provider (HCP)?	Maaring bigyan ng provisional accreditation ang HCP kapag may panahon ng kagipitan katulad ng “State of Calamity, State of Emergency,” maging sa iba pang sitwasyon na maaaring ipagkaloob ng Korporasyon ayon sa polisiya, kung kailan may matinding pangangailangan ng mga serbisyong medikal. Ito ay maaring ipagkaloob ng PhilHealth Regional o Central Office.
Kung ang aking aplikasyon ay “denied” noong Enero at ako ay nagbigay muli ng panibagong aplikasyon, maaari ba akong mabigyan ng PA?	Kung ang pangalawang aplikasyon ay natanggap ng PhilHealth sa panahong may “state of distress” maaari pong mabigyan ng PA ang aplikante ngunit pag-aaralan muli ng Korporasyon ang pangalawang aplikasyon kapag bumalik na sa normal ang sitwasyon at maaring bawiin o itigil ito ng Korporasyon ano mang oras.
Sino ang mga sakop ng Circular na ito?	Sakop ng Circular na ito ang mga sumusunod: a. Health care facilities kagaya ng ospital, dialysis centers, ambulatory surgical clinics, birthing homes, health centers, TB DOTS centers b. Health care professionals tulad ng duktur, dentista, nars, at midwife.
Bakit kailangan ang Circular na ito?	Upang ipabatid ang pagkakataon kung kailan maaaring mabigyan ng provisional accreditation ang isang HCP.
May kaugnayan ba ang “provisional accreditation” sa aking “appeal o MR”?	Wala po. Pagkatapos ng “provisional accreditation period” pag-aaralan ng Accreditation Committee ang appeal o MR bago ito magbigay ng desisyon.
Paano ko malalaman kung tapos na ang provisional accreditation ko?	Ang PhilHealth ay maglalabas ng advisories na ilalathala sa mga pahayagan at makikita sa PhilHealth website upang maipabatid kung kailan matatapos ang provisional accreditation period.

